



Ang UMA

UNANG ISYU

Hunyo 2011

Opisyal na Publikasyon ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura

23 Taon ng CARP SINALUBONG NG PROTESTA!

EDITORIAL

PALAGANAPIN ANG MGA PAHAYAG AT DIWANG MAPAGPALAYA!


Palaganapin ang mga pahayag at diwang mapagpalaya, ito ang ginintuang islogan sa unang isyu ng Ang UMA, ang opisyal na pahayagan ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura.

Ang pahayagang Ang UMA ay inilalabas sa gitna ng nagpapatuloy na pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawang bukid para sa tunay na reporma sa lupa. Sa pangunahin ay nagsilbing inspirasyon nito ang mga pakikibaka ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita, Bukidnon at sa Negros na nagsagawa ng mga maninining na pakikibaka mula pa noong nakaraang taon at sa kasalukuyan ay ipinagpapatuloy sa anyo ng mga bungkalan at kampuhan.

Sa kasalukuyan ay nananatili ang kahirapan at malaaliping kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura. Kabilang sila sa uring magsasaka na siyang pinaka-pinagsasamantalahan sa ating bayan. Biktima ang mga manggagawa sa agrikultura ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala na nag-uugat sa monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa at dayuhang korporasyong nagmamay-ari ng mga malalawak na plantasyon. Pinakamasahol ang kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura sa usapin ng pasahod at sistema ng pagtatrabaho.

Sa ilalim ng rehimeng US-Aquino ay nananatili ang masahol na kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura, taliwas ito sa kanyang islogang pagbabago. Patunay rito ang kalagayan ng mga manggagawa sa agrikultura sa Hacienda Luisita kung saan ay nananatili ang monopolyong pagmamay-ari ng kanyang pamilya sa kabila ng panawagan ng mga magsasaka at sambayanang Pilipino na ibalik na ang lupa sa mga magsasaka.

sundan sa p.4



Lungsod Quezon - Protesta ang isinalubong ng mga magsasaka sa ika-23 taon ng CARP noong nakaraang Hunyo 10. Pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas o KMP at Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura o UMA ang protesta sa anyo ng isang linggong kampuhan sa harapan ng Department of Agrarian Reform o DAR.

Pangunahing lumahok sa kampuhan ang magsasaka mula sa Hacienda Luisita na kasapi ng United Luisita Workers Union (ULWU) at Alyansa ng mga Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA). Lumahok rin sa kampuhan ang mga magsasaka mula sa San Jose del Monte, Bulacan na kasapi ng Sandigang Samahang Magsasaka (SASAMAG) at Tungko Mangga Upland Farmers Association Inc. (TMUFAI) gayundin ang mga magsasaka mula sa Rizal.

Bahagi ng isang linggong kampuhan ang piket-rali na inilunsad sa harapan ng Korte Suprema noon namang Hunyo 7 at Hunyo 9 para ipanawagan ang paglalabas na ng desisyon sa kaso ng Hacienda Luisita na nakabinbin pa rin hanggang ngayon sa Korte Suprema.

Noon namang Hunyo 9 ay nagsagawa ng isang gabi ng kulturang pakikipagkaisa ang mga magsasaka na pinangunahan ng Sinagbayan at NNARA-Youth, dinaluhan ito ng mga tagasuporta ng mga magsasaka

sundan sa p.4

TULOY ANG LABAN!

Hacienda Luisita ibalik sa magsasaka, NGAYON NA!

TULOY ANG LABAN! Ito ang sigaw naming mga manggagawang bukid at mamamayan sa loob ng Hacienda Luisita. Kailanman ay hindi mapipigil ng mga pakana at pandarahas ng pamilyang Cojuangco ang aming pakikibaka at lehitimong panawagan para maibalik na ang lupa sa aming mga magsasaka.

Batid namin na higit pang lumakas ang kapangyarihan ng pamilyang Cojuangco sa pagkakaupo ng pangulong Noynoy Aquino. Hindi totoo ang tinuran noon ng pangulong Aquino na hindi siya makikialam sa kaso ng Hacienda Luisita. Ang totoo ay pinakikilos na niya ang kanyang mga tauhan sa loob ng Korte Suprema at DAR para magsagawa ng mga maniobra at panlilinlang upang matiyak ang pananatili ng monopolyo sa lupa ng kanyang pamilya sa 6,453 ektaryang lupain ng Hacienda Luisita.

Hindi ba't ganito ang nangyari noong 1989 sa ilalim ng kanyang yumaong ina na dating pangulong Cory Aquino. Nagsagawa ito ng referendum para sa isang mapanlinlang ng Stock Distribution Option. Ito ay malinaw na isang hakbangin noon ng pamilyang Cojuangco gamit ang kapangyarihan ng gubyernong Aquino para iligtas o huwag saklawin ng reporma sa lupa ang malawak na lupain ng Hacienda Luisita.

Matapos ang 22 taon ng SDO ay hindi nagkaroon ng pagbabago sa kabuhayan naming mga magsasaka at sa halip ay lalo kaming nalugmok sa matinding kahirapan. Ang pangako sa ilalim ng SDO ay hindi natupad at sa halip ay pinatalsik at minasaker pa ng pamilyang Cojuangco ang mga kasamahan naming manggagawa at magsasaka noong 2004.

Hindi rito natigil ang mainobra ng mga Cojuangco. Matapos ang matagumpay naming pakikibaka noong 2005 para sa panawagan ng pagbabasura at pamamahagi ng lupa ay nagmaniobra muli ang pamilyang Cojuangco sa Korte Suprema noong 2006 para ipatigil nito ang desisyon ng DAR at PARC sa pagbabasura ng SDO.

Napakatuso at napakaganid talaga ng pamilyang Cojuangco!

Nauulit ngayon muli ang maniobra ng pamilyang Cojuangco sa gitna ng pakikibaka naming mga magsasaka. Muli nilang hinarang kasabwat ang pangulong Noynoy Aquino ang paglalabas ng desisyon ng Korte Suprema sa kaso matapos ang oral argument noong nakaraang taon. Samantala ang DAR ay nagsasagawa naman ng mga konsultasyon para maglako ng panibagong iskema kapalit ng SDO.

Nasaksihan ko ang isang dyalogo sa loob ng DAR kung saan ay ang mga oportunistang iskemador ng alyadong organisasyon ng pangulong Noynoy Aquino ang humarap sa amin at piliit naglalako ng panibagong iskema. Ganito rin ang

linya ng abugado ng isang maliit ng grupo ng magsasakang kasapakat ng pamilyang Cojuangco. Sa dyalogong ito ay umamin si ASEC (Asistant Secretary) de Leon na lalo pang naging mahirap ang laban ng mga magsasaka sa ilalim ngayon ng CARPer dahil sa mga probisyon nitong maka-panginoong maylupa.

Ang lahat ng mga maniobrang ito at ang hindi paglalabas ng desisyon ng Korte Suprema ay nagsisilbi para panatilihin ang monopolyo sa lupa ng pamilyang Cojuangco.

Malaki ang pangamba ng rehimen ni Noynoy Aquino sa isyu ng Hacienda Luisita. Ang nakasalang rito ay ang interes ng kanyang pamilya na kumakatawan sa malalaking panginoong maylupa sa ating bayan at ang kanyang imahe bilang pangulo lalo na't lumalakas ang pagpanig ng opinyong publiko sa panawagan ng pagbabasura ng SDO at pamamahagi ng Hacienda Luisita sa mga magsasaka.

Sa bahagi naming mga magsasaka ng Hacienda Luisita ay batid naming masalimuot at mahaba pa ang labang daraanan namin. Ang aming pakikibaka ay repleksyon lamang ng mas malaking laban o tunggalian sa uri sa ating bayan sa pagitan ng mga panginoong maylupa at uring magsasakang aming kinabibilangan.

Ang labanan sa Korte Suprema at lansangan ay isang bahagi lamang ng kabuuang laban naming magsasaka. Ang mapagpasyang laban ay naroon sa loob ng Hacienda Luisita. Ang bungkalan at pagposisyon namin sa mahigit 2,000 ektarya ng Hacienda Luisita at ang patuloy na pagpapalawak ng saklaw nito para aming sakahin ay hindi mapipigil.

Nais ko ring samantalain ang pagkakataong ito sa pamamagitan ng pahayagan ng Ang UMA para patuloy na manawagan sa aming mga tagasuporta at kapanalig sa labang ito na pahigpitin at palawakin pa natin ang pagkakaisa. Ito ay hindi lamang para sa laban naming magsasaka ng Hacienda Luisita kundi sa buong pakikibaka ng uring magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa.

Tulad ng tinuran ng mga kasamahan naming nagbuwis na ng buhay para sa aming pakikibaka,, **TULOY ANG LABAN!**



Unang taon ng Pangulong Aquino Umani ng batikos



Lungsod Quezon - Batikos ang inaning Pangulong Aquino sa unang taon nito sa panunungkulan. Sa kabila ng mga pinalamutiang pahayag niya sa harapan ng mga hinakot na manonood niya sa loob ng Ultra, Pasig ay hindi ito nakaligtas sa paniningil ng taumbayan.

Pinangunahan ng Bagong Alyansang Makabayan o BAYAN ang pagkilos ng mga militanteng samahan sa Mendiola na dinaluhan ng 2,000 mamamayan. Dito ay inihayag ng bawat sector ang mga nananatiling mga suliranin sa lupa, sahod, demolisyon, paglabag sa karapatang pantao, mataas na matrikula at mataas na presyo ng bilihin.

Sa isang interbyu kay Renato Reyes ng BAYAN ay tinuligsa nito ang pangulong Aquino sa kanyang islogang Pilipinas Natin. Aniya, angsinasabi ng Pangulong Aquino na Pilipinas Natin ay Pilipinas lamang parasa kanyang mgakamag-anak, kapartido at kabarkada dahil sa unang taon niya ay walang naming naramdamang pagbabago ang taumbayan.

Sa umaga naman ay naglunsad ng magkahiwalay na pagkilos ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at Kilusang Mayo Uno (KMU).

Nagpiket ang mga magsasaka na kasapi ng KMP sa harapan ng DOTC para iprotesta ang ginawang paghirang ng Pangulong Aquino kay Mar Roxas

bilang kalihim ng Departamento. Kinukwestyon ito ng KMP dahil sa anila'y conflict of interest dahil sa isyu ng proyektong DOTC na MRT-7 na magpapalayas sa libu-libong magsasaka ng San Jose del Monte, Bulacan. Sa nasabing proyektong DOTC kung saan ay magsisilbing kalihim si Mar Roxas ay ang kanyang pamilyang Araneta ang makikinabang rito.

Marahas na dispersal naman ang itinugon ng PNP sa protesta ng KMU sa harapan ng DOLE. Siningil ng KMU ang Pangulong Aquino at DOLE sa kawalan nito ng aksyon sa kahilingan ng mga manggagawa na dagdag na sahod at pagtigil sa tanggalan sa trabaho at patakaran ng kontraktwalisasyon sa paggawa.

Binatikos rin ang Pangulong Aquino sa naganap na protesta ng mga istudyante sa Unibersidad ng Pilipinas. Pangunahin rito ang usapin ng budget cut o pagbabawas ng badyet ng guberno sa mga pampublikong unibersidad tulad ng UP at nagpapatuloy na pagtaas ng matrikula.

Sinabi naman ni Rodel Mesa, pangkalahatang kalihimng UMA, totoong walang pagbabago sa unang taon ng Pangulong Aquino, patunay rito ang problema naming mga magsasaka sa loob ng Hacienda Luisita. Dagdag pa niya, kung patuloy niyang binabalewala ang lehitimong karapatan naming sa lupa sa bakuran mismo ng kanyang pamilya paano pa ang iba pang malalaking kaso sa lupa sa buong Pilipinas at problema ng taumbayan.

Hindi naman nagging kumbinsido ang taong simbahan sa unang taon ng Pangulong Aquino. Binigyan ng bagsak na grado ni Archbishop Emeritus Oscar Cruz ang pangulo dahil sa kawalan ng substansyal napagbabago sa ating bayan lalo na sa kabuhayan ng mamamayan at ekonomiya ng ating bayan#

Lupa at Sahod sigaw ng Anakpawis sa Kongreso

Lungsod Quezon - Muling isinumite ngayong taon ng Anakpawis Partylist sa Mababang Kapulungan ng Kongreso sa pamamagitan ng kanilang kinatawan na si Rep. Rafael Mariano ang Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) bilang House Bill 374 at ang P125 Across the Board Wage Increase Bill bilang House Bill 375. Nasimulan na rin ang pagdinig ng mga komite sa dalawang panukalang batas.

Mariing itinataguyod ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at Kilusang Mayo Uno (KMU) ang nasabing mga panukalang batas ng Anakpawis Partylist.

Matatandaang ang mga nasabing panukalang batas ay naisumite na sa kongreso noong mga nakaraang taon subalit hindi ito naipapasa dahil na rin sa pagharang ng mga kinatawan ng mga panginoong maylupa at kapitalista sa loob ng kongreso.

Sa bahagi ng KMP ay patuloy ang isinasagawa nitong mga pagkilos at kampanya taun-taon para ipanawagan ang pagsasabatas ng GARB. Sa pakikipagtulungan sa Anakpawis Partylist ay itinutulak nito ngayon ang Komite sa Repormang Agraryo sa Kamara na maglunsad ng mga seryeng pagdinig sa Visayas at Mindanao matapos ang naunang pagdinig nito noong Pebrero sa Kamara.

Nakuha naman ng KMU at Anakpawis Partylist angsuporta ni Cong. Manny Pacquiao sa House Bill 375. Dumalo si Cong. Manny Pacquiao sa isang press coference kung saan ay hayagang ipinakita nito ang pagsuporta sa panukalangbatas na nananawagan sa pagtataas ng sahod ng mga manggagawa.

Sinabi ni Rep. Rafael Mariano nanapapanahon na ang pagsasabatas ng House Bill 374 at 375 dahil sa walang kaparis na krisis at kahirapang nararanasan ng mga magsasaka at manggagawa. Aniya, alam nating lahat na isang malaking laban ang kinakaharap natin sa loob ng kongreso sa usapin ng pagpapasa ng batas sa reporma sa lupa at dagdag sahod sa mga manggagawa, higit lalo ngayon na walang interes ang gubyernong Aquino na magpatupad ng mga reporma para sa kagalingan ng masang anak pawis.#



23 Taon mula sa p.1

mula dito sa Kamaynilaan. Kinabukasan Hunyo 10 ay nag-caravan ang mga magsasaka mula DAR hanggang UST at mula rito ay nagmartsa na patungong Mendiola. Umabot ng 1,000 ang dumalo sa pagkilos kasama ang iba't-ibang sektor dito sa NCR.

Ayon kay Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng KMP, sa ika-23 taong anibesaryo ng CARP ay tama lamang na protesta ang isalubong rito dahil isang malaking kabiguan ang programang ito at kailanman ay hindi nagkaroon ng lupa ang magsasaka at sa halip ay napagsilbi pa ang CARP para higit pang mapalawak ang monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa. Dagdag pa niya, kahit sa ilalim ng pangulong Noynoy Aquino at sa ipinagmamalaki nilang CARPer ay walang pagbabagong naganap sa kanayunan, nagpatuloy ang pagpapalayas sa mga magsasaka sa mga lupang sakahan.

Sinabi naman ni Rep. Rafael Mariano ng Anakpawis Partylist at taga-pangulo ng KMP na walang dapat ipagmalaki ang rehimen ni Noynoy Aquino sa anibersaryo ng CARP dahil sa magdadalawang taon ng CARPer ay nabigo na kaagad ito sa kanyang mga target na lupang ipamamahagi. Aniya, hindi accomplishment report ang matatagpuan sa DAR kundi ang maraming ulat ng protesta ng magsasakang nailunsad sa unang taon pa lamang niya, patunay na hanggang ngayon ay hindi natutugunan ng gubyerno ang matagal ng panawagan ng magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Sa pagtatapos ng kanyang talumpati sa Mendiola ay nanawagan siya na palakasin pa ang mga pagkilos ng magsasaka para ipanawagan ang pagbabasura ng CARPer at ang pagsasabatas ng Genuine Agrarian Reform Bill o GARB.#

CARPer IBASURA! GARB Isabatas!

Editorial mula sa p.1

Sa paglalathala ng publikasyong Ang UMA nais nitong bigyan ng malaking puwang ang tinig at panawagan ng mga manggagawa sa agrikultura. Lalamanin ng Ang UMA ang linya, pagsusuri at panawagan ng mga manggagawa sa agrikultura sa mga isyu at pakikibakang magsasaka gayundin sa mga napapanahong isyung pambayan. Bibigyang daan nito ang matagal ng sigaw ng mga manggagawa sa agrikultura at uring magsasaka para tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

(Ang salitang UMA ay salitang ginagamit sa bahagi ng Mindanao at Visayas na ang pakahulugan ay saka o sakahan at bukid o bukirin.)

Sahod at Benepisyong Iginiiit ng Magbubukid ng Batangas!

Lungsod Maynila Nagkaisa ang dalawang malaking samahan ng mga manggagawang bukid at mamamayan sa probinsya ng Batangas sa pagsusulong ng makatarungang dagdag sahod at benepisyong sa hanay ng mga manggagawang bukid sa tubuhan.

Ayon sa Sugarfolk Unity for Genuine Agrarian Reform [SUGAR] at Kaisahan ng mga Manggagawang Bukid sa Batangas [KAISAHAN], "Ang Batangas ang pangalawa sa pinakamalaking tagapaglikha ng asukal sa bansa na may 48,000 mamamayang umaasa sa industriyang ito at malaking bahagi nito ay mga manggagawang bukid. Tumatanggap lamang sila ng P137 P175 kada paggapak, mas masahol pa ang natatanggap ng dayong manggagawang bukid na pumapatak lamang sa P80 P90 ang arawang sahod".

Hindi pa natatapos ang kalbaryo ng mga manggagawang bukid dito. Bukod sa biktima na ng napakababang sahod, nariyan din ang hindi makataong kundisyon sa paggawa. Partikular sa dayong magtatabas, nagsisiksikan sila sa mga maliliit na "barracks" kasama ng kanilang mga pamilya at ang obertaym sa pagtatrabaho ay walang bayad lalo na sa panahon ng ilohan kung saan maraming trabaho sa tubuhan.

Dagdag pa ng SUGAR at KAISAHAN, "Maging ang kanilang mga benepisyong sa ilalim ng RA-6982 o Sugar Amelioration Fund [SAF] ay hindi napapakinabangan. Sa panahon na naka-dayologo namin ang Department of Labor and Employment (DOLE) at Bureau of Rural Workers (BRW), malinaw na hindi nila natitiyak na napupunta sa mga manggagawang bukid ang kanilang bahagi sa SAF sa anyo ng mga cash bonuses at benepisyong. Tinatayang umaabot na sa mahigit P2.4B ang kabuuang halaga nito at mayroong P150M sinasabing "unreleased fund". Kung tutuusin sa ganitong kalaking pondo, dapat ay natugunan ng DOLE-BRW ang pangangailangan ng mga manggagawang bukid lalo na sa panahon ng "tiempos muertos" kung saan walang trabaho sa tubuhan".

Ang Social Amelioration Fund (SAF) na pinanggagalingan ng Social Amelioration Bonus (SAB) ay may 38 taon nang isinabat na benepisyong para sa mga manggagawang bukid sa tubuhan at ilohan sa buong bansa. Nararapat nang pakinabangan ng lahat, laluna ng mga manggagawang bukid sa tubuhan.

Ngunit sa mga pakikipag-usap na sinasabayan ng piket-protesta ng UMA, PAMATU, KAISAHAN at SUGAR walang malinaw na maisagot ang DOLE-BRW. May plano nang magsampa ng kasong administratibo laban sa pamunuan ng DOLE-BRW na muling sasabayan ng iba't ibang tipo ng protesta upang matiyak na mapupunta ang pondong ito direkta sa mga manggagawang bukid at hindi sa mga malalaking planters at mga tiwaling opisyal ng DOLE-BRW.#

PROTESTA NG MGA MAGSASAKA NG HACIENDA LUISITA TULOY-TULOY

Lungsod Quezon - Nagpatuloy ang protesta ng mga magsasaka para igiit ang kanilang karapatan sa 6,453 ektaryang lupain ng Hacienda Luisita. Matapos ang oral argument noong nakaraang taon kung saan libong magsasaka ang humugos sa Korte Suprema at Mendiola ay sinundan pa ito ng mga serye ng protesta ngayong taon.

Mga serye ng piket-rali ang isinagawa ng mga magsasaka sa pangunguna ng AMBALA, ULWU at UMA tuwing Martes sa buong buwan ng Marso ngayong taon kasabay ng en banc session ng Korte Suprema kung saan dinidinig ang kaso ng Hacienda Luisita.

Sinundan pa ito ng isang linggong kampuhan sa harapan ng DAR at piket-rali sa Korte Suprema noong Hunyo 6-10 sa paggunita ng 23 taon ng inutil na CARP. Lumundo ang nasabing pagkilos sa isang martsa rali patungong Mendiola kasama ang iba pang magsasakang kasapi ng KMP.

Sa kabila ng mga serye ng protesta ngayong taon ay hindi pa rin inilalabas ng Korte Suprema ang desisyon sa kaso. Ito ay sa kabila ng mga balita at impormasyon na nakalap ng UMA mula sa DAR, Kongreso at mga kaibigan sa midya na matagal ng may naisagawang desisyon sa kaso.

Sinabi ni Ka Rodel Mesa, pangkalahatang kalihim ng UMA, na ang pagkaantala ng paglalabas ng desisyon sa kaso ng Hacienda Luisita ay bunga ng maniobrang isinasagawa ngayon ng pamilyang Cojuangco para tiyakin ang kanilang kontrol at monopolyo sa lupa. Dagdag pa niya, "mas malakas ngayon ang pwersa at impluwensya ng pamilyang Cojuangco sa Korte Suprema dahil tiyak na nagagamit nito ang kapangyarihan ng Pangulong Noynoy Aquino para tiyakin na mananatili sa kanilang angkan ang pagmamay-ari ng Hacienda Luisita". Sa kanyang pagtatapos ay sinabi niyang hindi matitinag ng kapangyarihan ng pamilyang Cojuangco at Pangulong Noynoy Aquino ang pakikibaka at determinasyon ng mga magsasaka para igiit ang kanilang karapatan sa lupa.

Samantala, sa loob naman ng Hacienda Luisita ay nagpapatuloy ang isinasagawang bungkalan ng mga magsasaka. Ayon kay Lito Bais, lider magsasaka ng ULWU at Pangulo ng UMA, magpapatuloy at magpapatuloy ang isinasagawa naming bungkalan at pagtanim sa lupain ng Hacienda Luisita sa kabila ng mga panggigipit at maniobra ng pamilyang Cojuangco at Pangulong Noynoy Aquino." Naniniwala kami na ang pangunahing laban namin sa lupa ay naririto sa loob ng hasyenda, kailangang higit naming palakasin ang pagtatanggol ng aming karapatan sa lupa sa anyo ng direktang pagposisyon at pagbubungkal namin sa lupang inagaw at matagal ng ipinagkait sa amin," sa pagtatapos ng kanyang pahayag.#

Dagdag Sahod ng Manggawang Bukid Iginiit

Malaybalay, Bukidnon Naglunsad ng apat na araw na kampuhang magsasaka ang mga miyembro ng Organisasyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa (OGYON) at Kahugpungan sa mga Mag-uuma (KASAMA-Bukidnon) sa harapan ng kapitolyo ng Bukidnon upang ipanawagan ang ang dagdag sa arawang sahod ng mga manggagawa at manggawang bukid.

Ayon kay Eduardo Legazpi, taga-pangulo ng OGYON at Danilo Menente, taga-pangulo ng KASAMA-Bukidnon, "Hindi nasusunod ang itinakdang arawang sahod ng mga manggagawa at manggawang bukid sa Bukidnon, sa mga lungsod ng Malaybalay at Valencia gayundin sa mga bayan ng Maramag, Quezon at Manolo Fortich, ang arawang sahod ay dapat nasa P252 at P242 sa sa probinsya, subalit ang natatanggap lamang ng mga manggagawa at manggawang bukid ay P80 hanggang P140 kada araw.

Ang ganitong kalagayan sa hanay ng mga manggagawang bukid ang nagtulak sa OGYON at KASAMA-Bukidnon na ilunsad ang apat na araw na kampuhang magsasaka noong Disyembre 5, 2010 upang ipanawagan sa lokal na pamunuan ang kagyat na kahilingan ng mga manggagawang bukid. Noong Disyembre 9, 2010, nakipag dayalogo sa kanila si Vice Gov. Jose Ma. R. Zubiri upang dinggin ang kanilang hinaing kasama ang director ng DOLE-Bukidnon na si Engr. Saturnino Escobido. Sa dyalogong ito, inamin ng DOLE-Bukidnon na hindi nila natitiyak ang implementasyon ng arawang sahod ng mga manggagawa at manggawang bukid. Naitulak ang DOLE-Bukidnon na iutos ang dagdag sa arawang sahod ng mga manggagawang bukid ng P22.

Dagdag pa dito pinanawagan din ng OGYON at KASAMA-Bukidnon ang kagyat na pamamahagi ng Social Amelioration Fund [SAF] sa mga manggagawang bukid. Ayon sa kanilang liham. "Maraming mga manggagawang bukid sa tubuhan ang hindi nakatatanggap ng SAF, kung mayroon man ay napakaliit na halaga lamang ang napupunta sa kanila. Kadalasan ang may-ari ng tubuhan ang nakikinabang sa pondong ito na kinakaltas sa sahod ng mga manggagawang bukid".

Ang RA-6982 [Social Amelioration Fund] o Sugar Amelioration Act of 1991 ay ang pondong nagmula sa mga manggagawang bukid sa tubuhan. Ayon dito, kakaltasan ng P10 ang kada 50kg na asukal na ginagawa ng ilohan [sugar mill] upang maging pondo nito. 80% ng SAF ay dapat napupunta sa anyo ng "cash bonuses" at 20% naman ay para sa mga benepisyo katulad ng maternity leave, education at death benefits ng mga manggagawang bukid.#

Ang publikasyong Ang UMA ay inilathala ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura o UMA.

Para sa anumang puna, mungkahi o komentaryo ay maaaring makipag-ugnayan sa:

telepono: 435-23-83

e-mail: uma_pilipinas@yahoo.com.ph

tanggapan: 25-b, Matiaga St, Brgy Central, Quezon City

Bungkalan sa Negros NAGPAPATULUY



Escalante, Negros Occidental "Arson, Coercion, Illegal Assembly, Theft at Grave Threats! Hindi ito ang magpapahinto sa amin sa pakikibaka namin sa lupa, patuloy naming ipaglalaban ang aming mga karapatan!". Ito ang maring sambit ng mga magsasaka at manggawang bukid na patuloy na naglulunsad ng "bungkalan" o sama-samang pagsasaka sa iba't ibang bahagi ng Negros Occidental.

Ayon sa KMP-Negros at National Federation of Sugar Workers [NFSW] "Ang patuloy na pananatili ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga lupaing sakop ng bungkalan ay nagpapakita lamang ng determinasyon at paninindigan sa hanay ng mga mag-uuma. Ito ay sa gitna ng pagkakaisa ng mga panginoong maylupa na mapalayas sila sa mga lupaing kanilang kasulukuyang binubungkal na sa matagal na panahon ay nagsamantala sa kanilang lakas paggawa".

Mayroong mahigit 50 mga magsasaka at manggagawang bukid ang sinampahan ng iba't-ibang kasong kriminal. "Ito ay nakakabahala at malinaw na ito ay repleksyon ng kabiguan ng kasalukuyang batas sa agraryo kung bakit maraming mga magsasaka ang pinagkakaitan ng lupang masasaka". Pahayag ng SENTRA, isang organisasyon na nagbibigay ng libreng serbisyong legal sa mga magsasaka.

Ayon kay Rebecca Bucabol, isa sa mga kababaihang lider magsasaka na kinasuhan ng Arson, "Wala kaming pagpipilian, kung hindi kami magbubungkal, magugutom kami. Ang mga magulang ko ay mga magsasaka din sa 60 ektaryang Hacienda Filomena, sumasahod lang kami ng P80 kada araw. Noong 1996, tinanggal kami ng may-ari ng walang kadahilanan. Nagreklamo kami sa National Labor Relation Commission [NLRC] at kami ay nanalo, ngunit dahil hindi maibigay ng pamilya Ocdenaria ang mahigit P1.5M bilang backpay, nagpasya na kaming okupahan ang ilang parte ng lupain bilang kapalit at paggiit ng aming karapatan na magbungkal ng lupa".

Sa kasalukuyan, patuloy na lumalawak ang bungkalan na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng Negros Occidental. Sa katunayan, naeengganyo na din ang mga maralitang magsasaka na hindi kabahagi ng organisasyon na magbalik-uma. Noong nakaraang Abril 2011, naglunsad ng lakbayan ang KMP-Negros at NFSW mula hilagang Negros patungong timog Negros upang ipanawagan kanilang karapatan sa lupa. Ito ay nilahukan din ng iba't ibang organisasyong masa sa probinsya ng Negros.#